ILLINOIS Assessment of Readiness

[Pangalan Apelyido]

Petsa ng Kapanganakan: XX/XX/XXXX ID: XXXXXXXXXX Baitang X
Distrito X
Paaralan X

Ulat sa Pagtatasa sa Matematika

TAGSIBOL 20XX

Sinusuri ng Illinois Assessment of Readiness (IAR) kung gaano kahusay natututunan ng inyong estudyante ang mga kasanayan at kaalamang inaasahan para sa kanyang baitang sa matematika. Ang mga inaasahang ito ay tinatawag na Illinois Learning Standards. Maaari ninyong makita ang mga pamantayan dito: **https://www.isbe.net/Documents/math-standards.pdf.**

Score ni PANGALAN
772

Mahusay

Ang solidong pag-unawa ng estudyante sa pagtatasang ito at maaaring ilapat kung ano ang natutunan sa asignaturang ito. Ang pagganap na ito ay patunay na ang estudyante ay handa para sa at umuunlad tungo sa mga inaasahan sa pag-aaral sa susunod na baitang.



Ang margin of error ay nagsasabi sa amin na kung kukunin ng inyong estudyante ang eksaktong pagsusulit bukas, ang kanyang score ay maaaring ilang puntos ang taas o baba—hindi dahil may natutunan siyang bago o may mga bagay na nakalimutan, ngunit dahil maaari lamang tantiyahin ng mga pagsusulit kung ano ang nalalaman ng isang tao. Isipin ito bilang saklaw.

Average sa Estado	**738**
Average sa Distrito	**719**
Average sa Paaralan	**722**

68

Pag-unawa sa Percentile ng Pag-unlad ng Inyong Estudyante (SGP): Ang SGP ay hindi nakatuon sa kung natugunan ng isang estudyante ang pamantayan; ipinapakita nito kung paano maihahambing ang antas ng kanilang pag-unlad sa iba pang mga estudyanteng may mga katulad na score sa nakaraan. Ito ay isang percentile, tulad ng mga percentile sa katangkaran sa tanggapan ng doktor. Ang average sa estado ay laging nasa ika-50 percentile. Ang SGP ng inyong estudyante at 68, na nangangahulugan na ang kanyang antas ng pag-unlad ay kasing-bilis o mas mabilis kaysa sa 68% ng mga katulad na estudyante sa buong estado.



Upang mapanood ang personal na video tungkol sa mga resulta ni PANGALAN at upang matutunan pa ang tungkol sa pagtatasa, gamitin ang QR code na ipinapakita sa kanan, o bumisita sa **familyportal.pearson.com/il.**

Para sa ibang format ng ISR ng inyong estudyante, makipag-ugnayan sa ISBE sa assessment@isbe.net.

ISANG MAS MASUSING PAG-UNAWA SA APAT NA LARANGAN NG MATEMATIKA

Ang mga Antas na Mas Mataas, Panggitna, at Mas Mababa ay nagpapakita kung paano gumanap ang inyong estudyante sa bawat sub-claim ng matematika kumpara sa mga estudyanteng nagka-score ng Mahusay sa kabuuang pagsusulit.

Ang Mas Mataas na Antas ay nangangahulugan na ang inyong estudyante ay gumanap nang katulad sa mga estudyante na nagka-score ng Mahusay o Higit pa sa Mahusay sa kabuuan. Hindi ito nangangahulugan na ang inyong estudyante ay nagka-score ng mas mataas sa antas ng Mahusay sa partikular na larangan na iyon mismo.

Ang mga Antas na Panggitna at Mas Mababa ay nagpapakita ng mga larangan kung saan ang pagganap ng inyong estudyante ay mas malapit sa, o mababa sa, kung ano ang inaasahan para sa mga estudyanteng nagka-score ng Mahusay sa kabuuan.

Maaari pa ninyong matutunan ang tungkol sa mga kasanayan sa antas ng baitang sa pamamagitan ng paggamit ng mga Performance Level Descriptors (mga PLD) at mga Sampol para sa Tagumpay sa **https://www.isbe.net/Pages/Performance-Level-Descriptors.aspx.**

Ang mga mapagkukunang ito ay naglalarawan ng mga kasanayan ng estudyante gamit ang apat na antas ng pagganap, kaya hindi mo makikita ang mga parehong label na Mas Mataas/Panggitna/Mas Mababa. Sa halip, ipapakita ng mga ito ang mga sampol ng buong saklaw ng mga kasanayan na ipinapakita ng mga estudyante sa bawat antas. Matutulungan ka nitong mas maunawaan kung ano ang hitsura ng kahusayan sa antas ng baitang tulad ng sa bawat larangan ng matematika.

Para sa bawat larangan ng matematika sa ibaba, inilalarawan ng mga Antas na Mas Mataas, Panggitna, at Mas Mababa kung paano naihahambing ang mga kasanayan ng inyong estudyante sa larangang iyon sa mga estudyanteng nagka-score ng Mahusay sa kabuuang pagsusulit sa matematika. Ang mga antas na ito ay hindi kumakatawan sa mga hiwalay na score para sa bawat larangan.

Mga Kategorya sa Matematika

Mga Inaasahang Kasanayan	Pagganap

PANGUNAHING CONTENT

Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring repasuhin ang mga inaasahang kasanayan ng inyong mga estudyante para sa antas ng baitang sa ibaba.



Mas Mataas na Antas

KARAGDAGAN AT SUMUSUPORTANG NILALAMAN

Gamit ang mga sumusuportang kasanayan sa matematika upang mapatatag ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika na ayon sa antas ng baitang.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring repasuhin ang mga inaasahang kasanayan ng inyong mga estudyante para sa antas ng baitang sa ibaba.



Mas Mababang Antas

PAGPAPAHAYAG NG MATHEMATICAL REASONING (PANGANGATUWIRAN GAMIT ANG MATEMATIKA)

Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring repasuhin ang mga inaasahang kasanayan ng inyong mga estudyante para sa antas ng baitang sa ibaba.

Gitnang Antas

MODELING AT APLIKASYON

Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring repasuhin ang mga inaasahang kasanayan ng inyong mga estudyante para sa antas ng baitang sa ibaba.



Mas Mababang Antas

Ang Inyong mga Susunod na Hakbang

Mga Katanungan para sa (mga) Guro ng Inyong Estudyante

- Ano ang matututunan ng aking estudyante sa Matematika sa taong ito?
- Kumusta ang pagganap ng aking estudyante pagdating sa mga inaasahan sa antas ng baitang?
- Paano ko magagamit ang impormasyong ito upang suportahan ang aking estudyante?

Anong mga mapagkukunan ang inirerekomenda ninyo para sa aking estudyante?

Mga Mapagkukunan para sa Inyo at sa Inyong Estudyante

- Hanapin ang mga mapagkukunan sa pag-uulat ng pamilya sa **https://il.mypearsonsupport.com/family-portal/.**
- Alamin pa ang tungkol sa pagganap ng mga kasabayan ng inyong estudyante sa **illinoisreportcard.com.**
- Upang matutunan pa ang tungkol sa pagtatasang IAR, bumisita sa **isbe.net/iar.**

Inaasahang sukat ng Quantile: **610Q** at range: **510Q - 660Q**

Ang Quantile® Framework para sa Mathematics ay maaaring gamitin upang makatulong sa paghahanap ng mga mapagkukunan para sa pagtuturo ng math batay sa kakayahan ng estudyante sa math. Upang matutunan pa at ma-access ang mga mapagkukunan upang masuportahan ang pag-unlad ng estudyante sa matematika, bumisita sa **http://hub.lexile.com/for-parents/.**

ILLINOIS Assessment of Readiness

Mga Inaasahang Kasanayan sa Matematika ayon sa Antas ng Baitang

Grade 3	
Pangunahing Nilalaman	Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang, kabilang ang multiplication at division na hanggang 100, kaugnayan sa pagitan ng area at multiplication, at pundasyon na pag-unawa sa mga fraction.
Karagdagan at Sumusuportang Nilalaman	Paggamit ng mga sumusuportang kasanayan sa matematika, tulad ng place value para sa aritmetik na may maraming digit, perimeter ng mga polygon, at kumakatawan na datos sa mga naka-eskalang graph, upang mapalakas ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika na ayon sa antas ng baitang.
Pagpapahayag ng Mathematical Reasoning (Pangangatuwiran Gamit ang Matematika)	Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon, partikular na ang tungkol sa mga equal group, talahanayan ng datos, at propeties ng mga operation.
Modeling at Aplikasyon	Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma sa mga isang hakbang na problema na may kinalaman sa pagsukat at pagtatantiya.

Grade 4	
Pangunahing Nilalaman	Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang, kabilang ang multiplication at division na may maraming digit, fraction equivalence at pagsusunod-sunod, at mga operation gamit ang mga fraction (addition, subtraction, at whole-number na multiplication).
Karagdagan at Sumusuportang Nilalaman	Gamit ang mga sumusuportang kasanayan sa matematika, tulad ng pag-generalize sa place value para sa mga numerong may maraming digit, mga decimal form ng mga fraction, at measurement conversion, upang mapalakas ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika na ayon sa antas ng baitang.
Pagpapahayag ng Mathematical Reasoning (Pangangatuwiran Gamit ang Matematika)	Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon, partikular na ang tungkol sa mga prosesong may maraming hakbang at pagsusuri sa mga heometrikong hugis sa pamamagitan ng mga katangian nito.
Modeling at Aplikasyon	Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma sa mga word problem na may maraming hakbang na may kinalaman sa apat na operation.

Grade 5	
Pangunahing Nilalaman	Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang, kabilang ang mga decimal operation na may maraming digit, volume, at addition at subtraction ng mga fraction gamit ang hindi magkakatulad na denominator.
Karagdagan at Sumusuportang Nilalaman	Gamit ang mga sumusuportang kasanayan sa matematika, tulad ng decimal place value, graphing sa coordinate plane, at pagklasipika sa figure na may dalawang dimensyon, upang mapalakas ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika ayon sa antas ng baitang.
Pagpapahayag ng Mathematical Reasoning (Pangangatuwiran Gamit ang Matematika)	Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon, partikular na ang tungkol sa mga fractional operation at pagkalkula ng volume.
Modeling at Aplikasyon	Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma sa mga problema ng volume at unit conversion na may maraming hakbang.

Grade 6	
Pangunahing Nilalaman	Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang, kabilang ang mga ratio at unit rate, division ng mga fraction, at mga panimulang algebraic expression at equation.
Karagdagan at Sumusuportang Nilalaman	Gamit ang mga sumusuportang kasanayan sa matematika, tulad ng statistical variability, distribusyon ng datos, at area/surface area ng mga polygon, upang mapalakas ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika ayon sa antas ng baitang.
Pagpapahayag ng Mathematical Reasoning (Pangangatuwiran Gamit ang Matematika)	Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon, partikular na ang tungkol sa relasyon ng variable at mga positive at negative number.
Modeling at Aplikasyon	Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma sa mga problemang may kinalaman sa porsyento, ratio, at positive at negative number.

Grade 7	
Pangunahing Nilalaman	Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang, kabilang ang paghahambing ng mga numero at mga operation gamit ang lahat ng numero (positive, negative, mga fraction, at mga decimal).
Karagdagan at Sumusuportang Nilalaman	Gamit ang mga sumusuportang kasanayan sa matematika, tulad ng mga scale drawing, paggawa ng mga hugis gamit ang mga partikular na kasangkapan, at mga probability model, upang mapalakas ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika ayon sa antas ng baitang.
Pagpapahayag ng Mathematical Reasoning (Pangangatuwiran Gamit ang Matematika)	Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon, partikular na ang tungkol sa number rate consistency at properties ng mga operation.
Modeling at Aplikasyon	Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma sa mga problema sa porsyento at mark-up/ diskwento na may maraming hakbang.

Grade 8	
Pangunahing Nilalaman	Pag-unawa at paglapat ng pinakamahahalagang konsepto ng matematika na ayon sa antas ng baitang, kabilang ang mga equation ng mga linya at pagtukoy sa mga katangian ng mga espesyal na uri ng mga equation.
Karagdagan at Sumusuportang Nilalaman	Gamit ang mga sumusuportang kasanayan sa matematika, tulad ng Pythagorean Theorem, mga power at square root, at datos na may dalawang magkaugnay na bahagi (mga scatter plot), upang mapatatag ang pangkalahatang pag-unawa sa matematika na ayon sa antas ng baitang.
Pagpapahayag ng Mathematical Reasoning (Pangangatuwiran Gamit ang Matematika)	Pagpapaliwanag ng pag-iisip sa matematika, gamit ang lengguwahe o representasyon ng matematika, at habang ipinapakita kung bakit makatuwiran ang solusyon, partikular na ang tungkol sa mga linear slope at mga pagbabagong heyometriko.
Modeling at Aplikasyon	Paggamit ng matematika upang lutasin ang mga tunay na problema sa pamamagitan ng pagkatawan sa mga sitwasyon ng mga numero, simbolo, o modelo at pagpili ng mga estratehiya o kasangkapan na akma sa mga equation ng mga linya at pagsusuri ng datos na may dalawang variable.